

BATAS, LIPUNAN, AT BUWAYA

Victor L. Chan

Kapakanan ng lipunan ang katwiran ng batas. Pinagtibay ng saligang-batas na "hindi dapat alisan ng buhay, kalayaan, o ari-arian ang sinumang tao nang hindi sa kaparaanan ng batas, ni pagkaitan ng pantay na proteksiyon ng batas" (Artikulo IV, Sec. 1, *Saligang-Batas*). Batay sa kasaysayan ng sibilisasyon, sangkatauhan ay nakaranas ng di kasiyahan sa pangangasiwa ng hustisya sapul pa ng primitibong komunal na buhay ng paghahanap ng makakain at matitirhan hanggang sa kasalukuyang masalimuot na apurahang modernong buhay. Nanaig ang isang unibersal na reklamo ukol sa kawalang-kakayahan ng lipunan na lutasin ang di-kasiyasyang pagbibigay ng hustisya ng nakakalitong makinarya ng pamahalaan. Naging saksi nito ang maraming madugong paghihimagsikan na naging aral para sa pamahalaan subalit tila nalilimutan.

Ang lipunan ay isang kabuuan ng ibat-ibang kusang samahan. At ang Estado sa kaniyang buod ay isang kusang katawan sapagkat awtoridad nito ay nagmula sa pahintulot ng pinamamahalaan. "x x x Ang ganap na kapangyarihan ay nasa sambayanan. At ang lahat ng kapangyarihang pamamahalaan ay nagmumula sa kanila" (Artikulo II, Sek. 1, *Saligang-Batas*). Samakatwid hindi isang handog ng Estado sa indibidwal ang karapatang mabuhay, maging malaya, magkaroon ng ari-arian at ang patugis sa kaligayahan. Bagkus naunang umiral ang mga nabanggit na karapatan sa Estado. Ipagtanggol at liwanagin ang saligang karapatan ng tao at hindi likhain, ang dapat na gawain ng Estado (Ebenstein, *Today's ISM*, p 138, 1964).

Kung hindi man lingid sa kamalayan, nakaugalian na nating isipin na ang kapangyarihan ay nagmumula lamang sa mga batasan. Taliwas ito sa katotohanan. Ang lahat ng kapangyarihan ay nagmumula sa taong-bayan at ito'y ipinagkatiwala pansamantala sa mga piniling kinatawan. Walang kapangyarihan ang batasan at hindi umiiral nang hiwalay sa taong-bayan. Halimbawa, ang pangmamamayang pagsuway ay kaban ng kapangyarihan; isipin ang lahat ng mamamayan na ayaw tumalima sa mga batas ng batasan at handang magdusa dahil sa hindi pagtupad, ang buong batasan at pamahalaan ay titigil, ang mga pulis at militar ay gagamitin upang mapasunod ang ilan, subalit walang pulis o militar ang makakabali sa tandisang kapasyahan ng mga taong handang magsakit ng sukdulan (Mahatma Gandhi, *Ang Lahat ay Magkakapatid*, salin-pilipino ni Andres Cristobal Cruz, p.247, 1969). Samakatwid mambabatas dapat na makatao upang kapayapaan at kaayusan sa lipunan ay magkatotoo. Ang kakayahan ng bawat indibidwal na gamitin ang katwiran sa pagtuklas ng kung ano ang tama o mali ang ultimong pagsusulit ng pampulitikang kapangyarihan. Kung kaya't hindi maaaring gawing kabutihan ang kasamaan, o gawing tama ang mali ng Estado lamang sa dahilang may angkin itong paraang pisikal na pamumumilit (Ebenstein, *Today's ISM*, p137, 1964).

Ayon sa insiklikal na kinatha ni Pope John XXIII PACEM IN TERRIS na kung saan sinipi niya ang wika ni Pius XII: "Ang indibidwal

na tao, bukod sa malayo sa pagiging isang obheto, o isang pasibong elemento ng kaayusang panlipunan, ay sa katunayan, dapat na maging at manatiling maging subheto, pundasyon at layon ng pambayang gawain" (Pope John XXIII, *Pacem In Terris, The Five Great Social Encyclicals*, p.182, 1969). Katibayan ng katotohanan ng pagiging subheto ng tao ang mismong paunang-salita ng saligang-batas. Ang panimula ng saligang-batas ay ipinahayag sa unang persona: "*Kami*, ang makapangyarihang sambayanang Pilipino, na humihingi ng tulong sa Dakilang Mapagkalinga upang magtatag ng isang pamahalaan x x x". Binigyan-diin sa paggamit ng unang persona ang aktibo at dakilang papel na gagampanan ng mga Pilipino sa pagtatag ng isang estado na nagbibigay buhay sa katarungan, kapayapaan, kalayaan, at pagkakapantay-pantay (Bernas, S.J., *The 1973 Philippine Constitution: A Reviewer-Primer*, p. 5, 1975). Upang maisakatuparan ang pagiging subheto ng tao, itinakda sa saligang-batas ang kabuluhan ng katarungang panlipunan: ang pagkakapantay-pantay na pagkakataong ekonomika, politikal, at sosyal na may pagkiling sa mga kapus-palad. Inatasan ang Estado na itaguyod "ang katarungang panlipunan upang matiyak ang karangalan, kagalingan, at kapanatagan ng sambayanan." Inorden ang Estado "na isaayos ang pagtatamo, pagmamay-ari, paggamit, pagtatamasa, at paglilipat ng pribadong ari-arian, at ikalat ng makatwiran ang pagmamay-ari at pakinabang sa ari-arian" (Artikulo II, Sek. 6, *Saligang-Batas*). Samakatawid hangad ng ating pundamental na batas na ibuhay ang naturang prinsipyo at maging gawi sa pakikisalamuha ng bawat tao sa loob ng lipunan.

Maliwanag na para sa kaunlaran ng pinakamaliit at pinakamababa ang katarungang panlipunan. Ayon kay Punong-Mahistrado Fernando sa kasong *Carillo v. Allied Workers Assn.* (24 SCRA 566): "Ang pagkamabisa ng pagsusumigasi ng taong-bayan na tulungang makaahon ang mga mahihirap na kababayan ang pinagsisikapang matupad ng prinsipyong katarungang panlipunan. Sa dahilang kung wala ang ganitong pagsaklolo at pag-suporta, maaaring hindi na nila makuha ng tamsahin ang hustisya para sa kanilang sarili."

Napakapayak sabihin ang hustisya para sa sarili. Subalit madali bang matamasa ang karapatang mabuhay, mapangalagaan ang buhay; ang katawan na kailangan ng bawat nilalang sa pakikipag-ugnayan sa kapwa upang maisakatuparan ang hangarin ng buhay? Madalas nating marinig ang pariralang 'katarungan para sa dignidad ng tao'. Ngunit madali bang matamo ang mga pamamaraang kailangan at angkop nang magkaroon ng makakain, maisusuot, makakanlungan, mapapakinangan, ng mga medisina para mapangalagaan ang sarili laban sa anumang karamdaman at ng mga kailangang serbisyong panlipunan?

Maliban kung magsasalita ang isang tao, walang makakarinig sa kaniyang iniisip at paniniwala. At lubhang mapanganib na isaalang-alang ang saligang karapatan sa karunungan, integridad, at damdaming makatarungan ng ibang tao. Mapagsubok ang buhay. Madalas, ang budhi ay isinasaisantabi sa harap ng karangyaan na dulot ng kayamanan; Kapwa tao tinatapanan makuha lamang ang kapritso ng katawan. Mundo ang ating kinalalagan. Mabigat ang tawag ng pilak.

Magkaganoon pa man, mulat tayo sa katotohanan na nilikha ng Maykapal ang lahat ng umiral sa sanlibutan. Sa paglikha ng Maykapal sa tao, Kaniyang tinanim sa kanilang sarili ang binhi ng kabutihan na kanilang paglalayuning patubuin sa loob ng nakatakdang buhay. Ang mapatubo ang sarili ang tunay na kalayaan. At ang tunay na kalayaan katumbas ay kaligayahan. Samakatawid dapat na makilala ang sarili at ang *a priori* na karapatang mabuhay. Upang makilala ang sarili dapat na makamit ang mga pundamental na kailangan para sa isang marangal na kabuhayan.

Kung ganoon ang magsalita kung ang karapatan ay sinansala o pinagkakait ay hindi lamang isang karapatan kundi isa ring tungkulin. Pagpapaalaala ni Mahatma Gandhi: "Kung sa pagpapabaya sa ating mga tungkulin naghahabol tayo ng mga karapatan, ang mga ito, parang malikmata, ay hindi natin mahuhuli. Habang hinahabol lalong lumilipad papalayo."

Kung hindi matatamasa ang karapatan, katumbas nito ay pagkapiit ng kalayaan. Walang taong nawawalan ng kaniyang kalayaan nang di dahil sa kaniya na ring kahinaan. At mahina ang taong pikit-matang hinahayaan ang kaniyang karapatan na ilibing ng kaniyang kapwa. Hindi ipinagkaloob ng saligang-batas ang karapatang magsalita, magpahayag, mapayapang magkatipon at magpetisyon sa pamahalaan upang malunasan ang mga karangin. Bagkus ginagarantiya nito ang malayang pagsasagawa (Artikulo IV, Seck. 8, *Saligang-Batas*), sapagkat ang malayang pagsasagawa ay isang katangian ng pagiging mamamayan sa ilalim ng isang malayang pamahalaan, at isang di-maiwasang kinahihinatnan ng pagkakaroon ng republikano at demokratikong institusyon (*U.S. v. Perfecto and Mendoza*, 43 Phil 58).

Gayunman, wika ni Mahistrado Makasiar sa kasong *Phil. Blooming Mills Employees Organization v. Phil. Blooming Mills Co., Inc.*, (51 SCRA 189): "Sa hiyerarka ng kalayaang sibil, ang karapatan ng malayang pagsasalita, at ng magtipon upang magpetisyon ay humahawak ng tinatanging katayuan sa dahilang sa pamamagitan ng pag-apela mapangalagaan at mapatitibay ang ating institusyong sibil at politikal. Binigyan ng ganitong karapatan ang mamamayan upang malunasan ang kanilang karangin at mapagsanggalang samantalang pinagdudusa ng parusa ang mga nagkasala na pinuno at kawani ng bayan".

Kung gayon, may kapananagutan sa bawat kilos ng kaniyang pamahalaan ang bawat mamamayan. At makatwiran lamang na itaguyod niya ito habang tumpak ang mga kilos. Subalit kapag ang mga kilos